Lungsod ng Calamba )
x--------------------------------x

**PINAGSAMANG SINUMPAANG SALAYSAY**

KAMI, **PSI JAIME SAVILLA PEDERIO JR, SPO2 HERBERT MAGTAGAD MENDOZA, PO2 HILDA CORTEZ MAGTAGAD at PO2 LILLY ANN MALABANAN-DERIS**, nasa hustong gulang, kaanib ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas, na nakatalaga sa Calamba City Police Station na matapos na makapanumpa ng naaayon sa umiiral na Bagong Saligang Batas ay Malaya at kusang loob na nagsasalaysay ng gaya ng mga sumusunod;

NA, noong humigit kumulang sa **10:00 ng umaga** ika **21** ng **Mayo 2010** sa **Sitio Buntog, Brgy Canlubang Calamba City** ay nagtungo ang mga taong nabanggit dahil sa reklamo nitong si **Mr. DAN MERCULIO CALVO** na Chief Security ng mga YULO Estate na may-ari ng lugar na kung saan ay tahasang hindi nagpapadaan at illegal na nagche-checkpoint sa pampublikong daan ng Sitio Buntog, Brgy Canlubang;

NA, dahil doon ay nagtungo kami sa nasabing lugar upang alamin ang katotohanan sa impormasyon na natanggap alinsunod sa direktiba ng aming hepe na si PSUPT RAUL LOY BARGAMENTO, DSC na kung kaya't kasama ang team mula sa Intelligence Section na sina PO3 ROGEL UMALI ALDABE, PO2 ARNEL MANAIG SANQUE, PO2 ALLEN BANCORO LLORENTE, PO2 LOIDA BATHAN mula sa SWAT na sina SPO2 MAR KATIGBAK VILLA, SPO1 ALIPIO, SPO1 GAYNILO AT PO1 TOMO ay nagtungo kami sa nasabing lugar dala ang aming mga Mobile 09 na minamaneho ni PO1 PADILLA at ang Mobile ng SWAT ;

NA, mula sa nasabing lugar ay kitang kita namin na may nakaharang na mga pinutol na kawayan at kahoy sa kalsada na siya lamang na daanan pagpasok ng Sitio Buntog at bukod doon ay nagupuan sa kalsada ang mga kababaihan at mga bata sa kalye upang hadlangan ang aming pagdaan;

NA, kaming mga pulis ay naki-usap na alisin ang nasabing barikada sa kalsada ngunit sa halip na kami ay pakinggan ay bigla na lamang itinulak ako (PSI PEDERIO JR) nitong isang lalaking naka kulay pula na damit at dahil doon ay akin siyang inaresto at sa halip na siya ay sumama siya ay gumanti pa ng pagpalo sa aking braso na naging dahilan ng komusyon sa lugar na sa pagkakataon na iyon ay nahawakan ko agad ang kanyang braso at dali-daling isinakay sa aming sasakyan ng biglang umawat itong isang lalaki na naka kulay puti na sando na naka sombrero at tahasan akong pinipigilan sa pagdala ko dito sa una kong inaresto na nakilala ko sa pangalan na **LAMBERTO CARAAN** y **PANGANIBAN** dahil doon ay nakita ako nitong si SPO2 MENDOZA at inasistehan sa nangyayari;

NA, habang inasistehan ko (SPO2 MENDOZA) an gaming team leader na si PSI PEDERIO at hawak ko na itong lalaking pumipigil sa pag-aresto kay Lamberto ay bigla naman akong tinadyakan nitong naturang lalaki kaya siya ay aking inaresto at hinuli at nakilala ko ang tunay niyang pangalan na **MARIO MANGUBAT y CACAO** na positibo ko ring nakilala na kasama sa mga bumabarikada sa kalsada;

NA, amin pa lamang isinasakay ang taong nabanggit at dahil sa komosyun ay pinapaki-usapan namin ang mga taong naroroon sa lugar ay bigla na lamang lumapit itong isang babaeng naka damit na stripe na itim at bigla na lamang akong minura *"PUTA KA TANGA KANG PULIS UMALIS KA DITO"* at bigla akong (PO2 DERIS) hinataw ng kung anong bagay na hawak niya sa aking mukha na dahil doon ay hinayaan ko lang siya at pilit na pinatatabi upang huwag nang

mapasama sa kumosyon ngunit bigla niya akong tinulak muli at hinataw muli naman ang aking braso dahil doon ay amin siyang inaresto at hinuli na nakilala ko ang tunay niyang pangalan sa **MARIA GARCIA y MANGUBAT;**

NA, isasakay pa lamang namin itong babae na si Maria Garcia sa aming sasakyan ay bigla naman akong (SPO2 MENDOZA) pinigilan nitong isang babae na nakilala ko sa pangalan **DOROTEA MANGUBAT y MARASIGAN** at nagsisigaw na sa harap ko habang hawak hawak ko sa braso itong si Maria Garcia ' ay sapilitan niya akong pinipigilan sa aking braso at nagawa pa niya akong duraan upang pigilin ang pag-aresto namin sa mga taong nabanggit sa taas dahil doon siya ay amin na ding inaresto;

NA, mula doon ay pinakikiusapan namin itong mga taong nasa kalsada upang pumunta sa gilid ng kalsada ngunit sa halip ay kitang kita ko (PSI PEDERIO JR) itong isang lalaki na nakaputing T-shirt na tinulak niya aming police woman na si PO2 DERIS habang pinatatabi ang mga tao sa gilid ng kalsada na nakahambalang sa daan na naging sanhi pa ng pagkasugat sa kaliwang kamay niya at dahil doon ay agad ko siyang (PSI PEDERIO JR) hinawakan sa kanyang braso ngunit nanlaban pa siya sa akin na naging sanhi ng pagkasugat ng aking kaliwang kamay kaya siya ay aking inaresto sa tulong ni SPO1 MENDOZA at dinala sa aming sasakyang na nakilala ko sa pangalan na **GILBERT CARAAN y MENDOZA** at dahil doon ay bigla naman dumating itong isang babae na pilit pang pinukpok ang salamin ng aming sasakyan na kung saan lulan ang mga nabanggit sa itaas at sa pilitang pinalalabas ang mga nabanggit sa sasakyan at nagawa pang hatakin ako (PSI PEDERIO JR) mula sa sasakyan upang pigilan ang aking pag-aresto na dahil doon ay akin din siyang inaresto at nakilala ang tunay niyang pangalan na si **ANNABEL NATANAUAN y CARAAN;**

NA, mula sa nasabing kalsada ng nabanggit na lugar ay akin (PO2 MAGTAGAD) namang isinama ang isang matandang babae na paulit-ulit na bumabalik sa gitna ng kalye upang pigilan ang mga nadaan na sasakyan na nakilala ko na si **FRANCISCA MANGUBAT y CACAO** kasama niya ang ilang mga batang lalaki na umuupo pa sa gitna ng kalye na nakilala ko na sina **ROGER NEDIA y VERANO; JHEFE DE LEON y DIMAPILIS; MELVIN NATANUAN y AMBERON at JORGIE MANGUBAT y CACAO** na pawang mga menor ang edad na tahasan namang hinahayaan ng mga magulang at mga matatanda sa lugar;

NA, ipina-alam namin sa kanila ang kanilang mga karapatan sa ilalim n gating Saligang Batas at sila ay pinamedical at pinagsama sa himpilan ng pulisya upang masusing maimbestigahan;

NA, ano man ang hindi namin nabanggit sa aming kusang loob na salaysay na ito ay Malaya naming ilalagda ang aming mga pangalan sa ilalim nito na hindi kami pinilit, tinakot o binigyan ng pabor o pabuya upang maglahgd ng gaya nito ngayong ika-21 ng Mayo 2010 dito sa Lungsod ng Calamba.

**PSI JAIME S PEDERIO JR**
Nagsalaysay

**SPO2 HERBERT M MENDOZA**
Nagsalaysay

**PO2 LILLY ANN M DERIS**
Nagsalaysay

**PO2 HILDA C MAGTAGAD**
Nagsalaysay

**PINANUMPAAN AT NILAGDAAN** sa harap ko ngayong ika________ ng Mayo 2010 dito sa Lungsod ng Calamba, Laguna, Pilipinas.